# Muling Pag-alabin

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Fr. Peter Tieng
Abril 29, 2023

Katatapos lang ang pagdiriwang natin ng Pasko ng Pagkabuhay. Si Hesus ay buhay! Muli Siyang nabuhay para sa ating lahat. Ito ang mabuting balita. Binago nito ang ating pagkakakilanlan. Hindi Niya tayo pinabayaan. Magpasalamat tayo dahil buhay pa tayo at nakaligtas sa pandemya, bagamat marami ang hindi pinalad. Kaya nga, mas lalo tayong magbigay papuri sa Diyos, bumalik sa Kanya at sa komunidad para higit na lumalim ang relasyon natin sa Kanya.

**A. Ano ang mga dahilan bakit tumatamlay ang ating relasyon sa Diyos?**

1. **Malilimutin tayo.** Nakalimutan na natin ang orihinal na plano ng Diyos sa atin - pagkabanal at katarungan.

a. Noong panahon ni Adan, ang mga tao at lahat ng nilikha ay direktang nakaugnay sa Diyos. Ngunit sina Adan at Eba ay sumuway sa utos ng Diyos. Ang orihinal na kasalanan ang sumira sa relasyon natin sa Kanya.

b. Gayunpaman, muling naibalik ito sa pamamagitan ng Binyag at muling naayos ang relasyon natin sa Diyos at naging anak Niya tayo, ang ating pagkakakilanlan.

k. At saka, sa muling Pagkabuhay, may panibagong buhay. Pinagkaisa tayo sa pamamagitan ng kamatayan ni Hesukristo.

Tinawag tayo sa buhay na banal upang magkaroon tayo ng magandang pagkakataong makaharap ang Diyos.

**2. Sinira ng sekularismo at materyalismo ang ating buhay.**

a. Ang diyos-diyusan ay kabaligtaran ng kabanalan. Ibang tao o bagay ang ipinalit sa Diyos.

Naibaling natin sa mga makamundong bagay ang ating atensyon. Sa halip na pumunta sa simbahan kung Linggo, tayo ay pumupunta sa *stadium*, konsyerto at iba pang lugar, mga bagay na nagpapalayo sa atin sa Diyos.

b. Si Pastor Ric Warren ay inimbitahan ng Papa sa isang pagpupulong para sa mga pamilya at sinabi: "Ang kasalanan ay nagiging normal na, kahindik-hindik na ang krimen, ang maysakit ay nagnanais ng wakasan ang sariling buhay sa tulong ng ibang tao. May mga pamilya na namumuhay na sa hindi sibilisado ang pag-uugali, isinantabi na ang Diyos, hiniwalay na ang pananampalataya."

c. Ang ating relihiyon ay naging dagdag na lang sa ating buhay. Naging isang aspeto na lang ng ating buhay na kailangang alagaan. Isabuhay ang relihiyon nang buong puso.

**B. Paano mapalalim muli ang relasyon natin sa Diyos ?**

**1. Ibalik ang kahalagahan ng Banal na Eucharistiya sa ating buhay.** Ang Eukaristiya ay niluwalhating katawan ni Hesukristo na nasa altar. Hindi lang ito simpleng tinapay at tubig na tinatanggap natin; Ito ay si Hesus na dumating sa atin, hindi lang salita kundi Salita ng Diyos na ating napakinggan.

2. **Sambahin ang Diyos tuwing Linggo.** Nagpapasalamat tayo sa Diyos tuwing tayo ay nagpupunta sa simbahan. Kaya, magsimba muli tayo sa simbahan. Hindi natin napapananatili ang relasyon sa Diyos kung nakahiwalay tayo sa Kanya.

3. **Mangaral sa mga nawawala**. Mag-imbita tayo ng mga tao patungo sa Diyos. Kung nagpapalaganap tayo ng Salita ng Diyos, pinapalaganap din natin ang tuwa at galak ng ebanghelyo, at makatatanggap ng biyaya mula sa langit.

4**. Hayaan ang pananampalataya sa Diyos na manguna sa ating buhay.** Ang ating trabaho, ang mga pinipiling pelikula, lahat ng ating ginagawa ay dapat karapat-dapat sa tuwa't galak ng ebanghelyo.

**Konklusyon**: Hindi tayo pangkaraniwang tao. Mga anak tayo ng Diyos. Yaman natin ang Diyos at langit ang huli nating hantungan. Kaya, magpasalamat ialay ang talento, oras at yaman para umunlad ang kaharian ang Diyos.

**Pagninilay**:1. Gaano ka kadalas pumunta sa simbahan? Pumupunta ka lang ba kung "KBL" (kasal, binyag, libing)?

2. Simula ngayon, paano mo palalakasin ang iyong relasyon sa Diyos?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida A. Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags:#Pagkabuhay#Mga anak ng Diyos